1

# Arts

## Ikalawang Markahan – Modyul 3: Pagpipinta sa Aming Sariling Sulok




CO_Q2_ARTS1_Module3

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Arts– Unang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 3: Pagpipinta sa Aming Sariling Sulok**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Alexander G. Geronimo

**Editor:** Ana Grace M. Gallardo

**Tagasuri:** Denis M. Agbayani, Alexander Domingo

**Tagaguhit:** Peter B. Sario, Jr.

**Tagalapat:** Alexander G.Geronimo

**Tagapamahala:** Benjamin D. Paragas, Jessie L. Amin
Octavio V. Cabasag
Rizalino G. Caronan
Romel B. Costales
Denis M. Agbayani
Ruby B. Maur
Cherry Grace D. Amin
Alexander Domingo

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region II**
Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

# 1

# Arts

## Ikalawang Markahan – Modyul 3: Pagpipinta sa Aming Sariling Sulok

DEPARTMENT OF EDUCATION

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito. Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

# Alamin

Ang pagkamalaikhain ng isang tao ay maaaring maipakita sa iba-ibang paraan-pagguhit, pagkukulay, paghahabi o kaya ay pagpipinta.

Ang pagpipinta ay isang kasanayan sa sining upang maipahayag ang damdamin o emosyon sa tulong ng pintura, kulay, pigmento at *brush*.

Tara! Tuklasin pa natin ang mundo ng pagpipinta,

Sa modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

Nakapagpipinta ng tanawin ng sariling bahay o paaralan gamit ang mga kulay na nagdadala ng emosyon. **(Q2/Wks 5-6-A1PR-Ie-1)**

## Subukin

**Panuto:** Tingnang mabuti ang mga nasa kahon. Pagsama-samahin ang mga hugis na may magkakalapit na kulay sa pamamagitan ng pagbilog sa mga ito.



# Aralin 1 — Pagpipinta sa Aming Sariling Sulok

## Balikan

Bago ka magpatuloy sa modyul na ito, kaya mo bang sagutin ang mga sumusunod?

1. Ano ano ang mga bagay na naipinta mo na? ______________________________
2. Anong mga kulay ang ginamit mo sa pagpinta? ______________________________
3. Ano ano ang mga maaaring maging inspirasyon sa disenyo ng iyong ipipinta? ______________________________

## Tuklasin

Pagmasdan ang larawan sa ibaba. Pag-aralan itong mabuti at pagkatapos ay sagutin ang mga tanong sa **Suriin.**



## Suriin

1. Ano ang nakikita mo sa larawan? ________________
2. Nasaan ang mga bata? ____________
3. Ano ang ginamit upang malikha ang larawan?
   ______________________________________
4. Ano ano ang mga kulay na ginamit sa larawan?
   __________________________________________
5. Anong emosyon ang ipinapahiwatig ng larawan?
   _______________________________________________

Ang sining ay nasa ating paligid lamang tulad ng nasa larawan.

Maari nating ipinta ang mga tanawin sa ating tahanan o paaralan o anumang disenyo na maibigan natin.

Ang mga sumusunod ay mga bagay na nasa ating kapaligiran na maaaring gawing sining.

mga hayop          tanawin tulad ng kabukiran
bulaklak          puno          dahon          mga tao

Ang kulay ay isa sa mga elemento ng sining. Ang mga kulay ay nagbibigay ng emosyon o damdamin sa ating pinta.

**Kulay**          **emosyon**
**pula** - mainit, galit, pagmamahal,enerhiya
**berde** - malamlam, kaginhawaan,
**dalandan** - mainit, masaya
**rosas** - masaya, pagmamahal

**bughaw** - malamlam, kapayapaan
**lila** - malamlam, pagkamatapang
**dilaw** – mainit, masaya
**abo, itim** – kalungkutan

Pagmasdan ang larawan ng bahay sa ibaba.



Masaya ba o malungkot ang larawan ng bahay? Bakit?




## Pagyamanin

**Gawain 1.**

**Panuto:** Pag-aralang mabuti ang larawan sa ibaba. Sagutin ang mga tanong tungkol dito.



1. Ano ano ang mga kulay na ginamit sa larawan?

_______________________________________________

2. Anong damdamin ang ipinapahatid ng larawan?

_______________________________________________

**Gawain 2.**

**Panuto:** Pagmasdan ang mga kulay sa ibaba at sabihin ang damdaming ipinapahatid sa iyo ng mga kulay.

1.



2.



3.



# Isaisip

**Panuto:** Punan ang bawat patlang ng tamang salita mula sa loob ng kahon upang mabuo ang kaisipan ng Modyul na ito.

Sa Modyul na ito, natutunan ko na ang sining nasa ating ______________ lamang. Ang _______________ ay isang sining upang maipahayag ang ______________ o emosyon.  Masaya akong  nakapinta ng mga sari-saring ________________.

| | | | |
|---|---|---|---|
| Pagpipinta | damdamin | disenyo | paligid |

# Isagawa

Pagmasdan ang larawan sa ibaba. Kulayan ito ayon sa nakasaad na numero. Sagutin ang mga tanong sa ibaba.



1- Pula
2- Asul
3- Lila
4- Dilaw
5- Kulay Rosas or Pink
6- Tsokolate or brown
7- Dilaw na berde
8- Puti
9- Kulay Dalandan o Orange
10- Berde

1. Ano anong mga kulay ang ginamit mo sa pagpinta?

_______________________________________________

2. Ano anong mga kulay ang magkakatabi?

_______________________________________________

## Tayahin

Ating alamin kung may natutunan ka sa modyul na ito, isagawa ang nakasaad sa panuto.

**Panuto**: Pagmasdang mabuti ang inyong tahanan. Ipinta ito gamit ang mga kulay na nagpapakita ng emosyon.

# Karagdagang Gawain

Sa bahaging ito, ikaw ay gagawa ng sining mula sa iyong natutunan.

Ipinta ang isang bahagi ng iyong paaralan. Kulayan ito ayon sa iyong emosyon.

Nasa ibaba ang **rubric** ng iyong likhang-sining.

| Pamantayan | Iskor |
|---|---|
| Natapos sa takdang oras, malinis at kaaya-aya | 5 |
| Malinis at kaaaya-aya ngunit hindi natapos sa takdang oras | 4 |
| Natapos sa takdang oras ngunit hindi malinis at kaaya-aya. | 3 |
| Hindi natapos sa takdang oras at hindi malinis at kaaya-aya | 2 |
| Nakagawa ngunit hindi natapos sa takdang oras | 1 |
| Hindi nakagawa ng likhang-sining | 0 |

# Susi sa Pagwawasto

MGA SAGOT

Subukin:

1. Pula, Kulay-dalandan, dilaw
2. Berde, Dilaw na berde, berdeng- berde
3. Asul, asul na asul, katamtamang asul

Gawain 1:

1. Berde, dilaw, asul
2. Kapayapaan; pag-asa
3. Kaginhawaan

Gawain 2:

1. Kapayapaan; pag-asa
2. Lakas; enerhiya

Isaisip:

1. Paligid2. Pagpipinta 3. Damdamin 4. Disenyo

Isagawa

1. Pula, asul, lila, dilaw, kulay rosas, berde, tsokolate, dilaw na berde, berde
2. Pula at kulay dalandan; asul at lila; berdeat berdeng-berde

# Sanggunian

Arts1 MELC Curriculum Guide

Arts1Teachers' Guide

https://www.google.com/search?q=pagpipinta+ng+paaralan+o+bahay++ng+isang+bata&tbm=isch&ved=2ahUKEwiv3Jzw_pDpAhUD0pQKHaFUDScQ2-cCegQIABAA&oq=pagpipinta+ng+paaralan+o+bahay++ng+isang+bata&gs_lcp=CgNpbWcQA1Dk1QdY25MIYNeYCGgAcAB4AIAB7gGIAZobkgEGMC4yMC4xmAEAoAEBqgELZ3dzLXdpei1pbWc&sclient=img&ei=TDWrXq-GIYOk0wShqbW4Ag&bih=625&biw=1366#imgrc=lxxGB95U9Cf6aM

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph